

# PAGHANDAAN ANG BUSHFIRE IHANDA ANG IYONG BAHAY

Ang isang bahay na inihanda nang mahusay ay mas malamang na malampasan ang isang bush fire.

Kahit na plano mong lumikas nang maaga, kung ihahanda mo nang mas mahusay ang iyong bahay, mas malamang nitong malalampasan ang isang bush fire o pag-atake ng mga alipato.

Ang isang bahay na inihanda nang mahusay ay maaari ring:

- Mas madali mong maipagtatanggol o ng mga bumbero
- Malamang na hindi maglagay sa panganib ng mga bahay ng iyong mga kapitbahay
- Bigyan ka ng karagdagang proteksyon kung may biglang magbabantang apoy at hindi ka maaaring lumikas

## ✓ 5 PANGUNAHING MGA AKSYON UPANG GAWING MAS LIGTAS ANG IYONG BAHAY

May mga simpleng bagay na maaari mong gawin sa paligid ng iyong bahay upang ihanda ito laban sa bush fire. Ang ilan ay mga karaniwang aksyon, tulad ng paggapas ng damuhan, ang iba naman ay minsanang aksyon, ngunit lahat ay maaaring magligtas sa iyo, sa iyong pamilya at sa iyong bahay.

PAGHAHANDANG AKSYON	SINO ANG RESPONSABLE	KUMPLETUHIN
<input type="checkbox"/> Tabasin ang nakayungyong na mga puno at shrub (palumpong). Maaari nitong pigilan ang pagkalat ng apoy sa iyong bahay.		___ / ___ / ___
<input type="checkbox"/> Gapasin ang damo at alisin ang mga pinaggapasan. Ang pagkakaroon ng walang sagabal na lugar sa paligid ng iyong bahay at magbibigay sa mga bumbero ng ligtas na lugar upang magtrabaho.		___ / ___ / ___
<input type="checkbox"/> Alisin ang mga bagay-bagay na maaaring masunog sa paligid ng iyong bahay. Kabilang dito ang mga bagay gaya ng mga kuskusan ng paa sa labas ng pinto, talaksan ng kahoy, mulch, dahon, panlabas na muwebles.		___ / ___ / ___
<input type="checkbox"/> Linisin at alisin ang lahat ng mga basura at dahon mula sa mga alulod na nakapaikot sa iyong bahay. Ang nagbabagang mga alipato ay maaaring magsimula ng sunog sa iyong bahay.		___ / ___ / ___
<input type="checkbox"/> Maghanda ng matibay na (mga) gomang pandilig na aabot sa buong paligid ng iyong bahay. Tiyakin na mayroon kang maaasahang mapagkukunan ng tubig (swimming pool, tangke, dam) at magagamit na pambomba gamit ang diesel o gasolina.		___ / ___ / ___

## ANG PROGRAMANG AIDER

Kung ikaw ay may limitadong kakayahan na maghanda at hindi makakuha ng suporta mula sa pamilya, mga kaibigan o iba pang mga serbisyo upang ihanda ang iyong propyedad sa lupaing madaling magkaroon ng bush fire, kung gayon ang NSW RFS ay maaaring makapagbigay ng tulong sa pamamagitan ng Programang AIDER (Assist Infirm, Disabled and Elderly Residents -Tulong sa mga Residenteng May Sakit, May Kapansanan at Matatanda).

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Pangkat ng AIDER:

**T:** 02 8741 4955

**E:** [aider@rfs.nsw.gov.au](mailto:aider@rfs.nsw.gov.au)

**W:** [www.rfs.nsw.gov.au/plan-and-prepare/aider](http://www.rfs.nsw.gov.au/plan-and-prepare/aider)

## ✔ HIGIT NA PERMANENTENG PROTEKSYON PARA SA IYONG BAHAY

MGA BAGAY NA PAMPROTEKSYON	
<input type="checkbox"/> Barahan ang mga lugar kung saan maaaring makapasok sa bahay ang mga alipato (panlabas na mga dingding, bintana, pintuan, silong)	<input type="checkbox"/> Palitan ang bakod na yari sa kahoy ng bakod na yari sa metal
<input type="checkbox"/> Magkabit ng metal na mga fly screen sa lahat ng mga bintana at daanan ng hangin	<input type="checkbox"/> Gumamit ng mga bato sa halip na mulch
<input type="checkbox"/> Magkabit ng metal na mga pangharang sa alulod	<input type="checkbox"/> Kumpunihin ang sira o nawalang mga tile (tisa) sa bubong
<input type="checkbox"/> Ipuwesto ang mga gas cylinder sa gilid ng bahay at malayo sa mga puno at hardin, idirektang palayo sa bahay ang anumang mga valve (balbula) ng presyon	<input type="checkbox"/> Kung ikaw ay may swimming pool, tangke ng tubig o dam, magkabit ng karatula ng Static Water Supply (SWS) sa pasukan ng iyong propyedad, upang malaman ng mga bumbero kung saan sila maaaring makakuha ng tubig
<input type="checkbox"/> Magkabit ng sistema ng pamatay-apoy sa mga alulod	<input type="checkbox"/> Suriin at magpanatili ng sapat na mga antas ng seguro ng bahay at mga nilalaman nito. Tiyaking ito ay napapanahon.
<input type="checkbox"/> Ilayo sa bahay ang mga may tanim na hardin	

Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang iyong magagawa upang paghandaan ang bush fire sa panahong ito:



**Website ng NSW Rural Fire Service**  
[www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)  
[www.myfireplan.com.au](http://www.myfireplan.com.au)



**Ang pinakamalapit na NSW RFS Fire Control Centre:**



**Linya ng Impormasyon para sa Bush Fire**  
1800 NSW RFS (1800 679 737)